

ONLINE SOCIAL FINANCE

# EDUKASYON SA PANANALAPI

## EDUKASYON SA PANANALAPI

International Labour Organization

ITC International Training Centre

Ilang dekada nang ginagampanan ng ILO ang tungkulin nitong magturo ng edukasyong pampinansiya. Nasa ilalim ito ng ILO Financial Education Programme, na isang holistikong programang tumutugon sa mga usapin hinggil sa mga polisyang pampinansiya at sa mga kaugnay na pagsasanay sa lahat ng antas.

Nakikiisa ang ILO sa mga mambabatas, sa mga tagapagbigay ng pagsasanay tungkol sa pinansiya, gayundin sa mga benepisyado nito, kabilang ang mga kabataan, maliliit na negosyante, migranteng manggagawa, manggagawa, magsasaka, kababaihan at kalalakihan at pamilyang may mababang kíta.

Gumagamit ng sari-saring metodo ng pagsasanay ang ILO Financial Education Programme gaya ng in-class training, individual counselling sessions, awareness raising campaigns, at ngayon, e-learning. Noong 2018, mayroon nang higit sa 120,000 benepisyado at higit sa 500 tagapagsanay ang programa sa kabuoan.

Ang mapagbagong e-learning course na ito tungkol sa Kaalaman sa Pananalapi ay idinisenyo para bigyan kayo ng mahahalagang kaalaman, kasanayan, at kakayahan upang mapamahalaan nang mas mabuti ang inyong sariling pananalapi. Binubuo ito ng apat na modyul at 15 na sesyon sa pagkatuto.

Ang mga sesyong ito ay gumagamit ng mga kongkretong halimbawa ng mga tao sa kanilang araw-araw na búhay, pati na ng mga interaktibong gawain, para gawing kawili-wili, angkop, at nakaaaliw ang nilalaman.

Dinebelop ang kursong ito kasáma ang ILO Social Financial Programme.

Apat na oras ang learning time ng e-learning course. Maaaring kompletuhin ng mga kalahok ang mga gawain sa oras kung kailan sila handa, isang sesyon o isang module sa bawat araw o di kaya'y isang buong kurso nang agaran.

# PANIMULANG SILIP

Ang pangkalahatang layunin ng e-learning course na ito sa Edukasyong Pampinansiya ay ang pagpapatatag ng asal ng mga mag-aaral kawing sa sumusunod:

- Makilahok sa mas mainam na pagbabadget
- Mapataas ang salaping naiimpok
- Mahikayat ang mas matalinong paggastos
- Masanay ang wais na pangungutang
- Mapangasiwaan nang mabuti ang mga nakaambang panganib

# MGA INAASAHANG KALAHOK

Ang e-learning course na ito ay pangunahing idinisenyo para sa sinumang indibidwal – mga babae, lalaki, kabataan, negosyante, migranteng manggagawa, manggagawa, magsasaka – na gustong mapangasiwaan nang mas mahusay ang kanilang sariling pananalapi.

Ang mga nagtatrabaho sa mga organisasyon ng mga manggagawa at ng mga employer, sa mga nagbibigay ng serbisyong pampinansiya, sa mga nagbibigay ng serbisyong kaugnay ng pagpapaunlad sa negosyo, at sa mga institusyon ng gobyerno ay maaari ding pakinabangan ang e-learning course na ito para sa kanilang mga trabaho.

---

Magkakaroon ng pagkakatáon ang mag-aaral na kumuha ng pagsusulit sa oras na matapos niya ang lahat ng modyul sa e-learning course ng Edukasyong Pampinansiya. Kung pumasa ang mag-aaral (o makakuha ng di bababa sa 80% na marka) ay makatatanggap siya ng Sertipiko ng Pagtatapos na mayroong pangalan, pamagat ng e-learning course, at petsa ng pagtatapos.

Ecampus: https://ecampus.itcilo.org/course/view.php?id=878&lang=fil

Course mailbox: mmw@itcilo.org

# INFO

## FOR FURTHER INFORMATION PLEASE CONTACT

**International Training Centre of the ILO**
Sustainable Enterprises and Economies (SEE)
Viale Maestri del Lavoro, 10
10127 Turin – Italy

mmw@itcilo.org
www.itcilo.org

Copyright © International Training Centre of the International Labour Organization, 2023. All rights reserved. Cover image © Pexels